

10 Day Eviction Notice for Non-Payment (10 Araw na Abiso na Ikaw ay Paalisin Kapag Hindi Ka Nagbayad)



TENANT RESOURCE & ADVISORY CENTRE

Unit #150-900 Howe St
Vancouver, BC V6Z 2M4

1-800-665-1185
tenants.bc.ca

Maaaring makatanggap ka ng 10-Day Eviction Notice for Non-Payment of Rent kahit na **late ka nang ISANG araw o nagkukulang ka lamang nang ilang dolyar.**

Para magkabisa ang eviction notice, dapat gamitin ng mga landlord ang **tamang Residential Tenancy Branch (RTB) eviction forms.**¹



Illegal Lockouts

Hindi ka legal na maaaring i-lock out ng mga landlord bago nakalipas ang 10 araw. Para ipatupad ang anumang eviction, kailangan ka nilang bigyan ng RTB Order of Possession na may petsa ng pagkabisa at dapat silang gumamit ng bailiff na aprobadong korte para pisikal kang tanggalin. Kung ni-lock out ka ng iyong landlord bago ng petsang nakalista sa Order, kontakina kaagad ang TRAC o ang isang legal advocate! Ang isang tenant ay maaaring mag-aplay sa RTB para sa isang Order of Possession kung ni-lock out siya nang labag sa batas.

Pag-delay sa petsa ng iyong eviction

Maaari mong i-request na i-extend ang petsa ng iyong pag-alis kung sakaling natalo ka sa iyong hearing (paglilitis). Ipaliwanag na kailangan mo ng karagdagang panahon para umalis at kung bakit hindi nito maaapektohan nang masama ang iyong landlord.

Tingnan ang "Request for Appropriate Time to Move" template ng TRAC sa aming Renting It Right online learning platform.



Kung nakatanggap ka ng 10-Day Eviction Notice:

Mayroon kang **5 araw** para kanselahin ang iyong eviction notice sa pamamagitan ng pagbayad ng buong renta.

O KAYA

Mayroon kang **5 araw** para mag-apply para sa isang RTB dispute resolution hearing para hamunin ang abisong ito.

Kung hindi mo mababayaran ang buong renta sa loob ng 5 araw o kung hindi ka nag-apply para sa isang dispute resolution hearing sa loob ng 5 araw:

Inaasahan kang umalis pagdating nang ika-10 araw.

AT

Maaaring gamitin ng isang landlord ang proseso ng "Direct Request" ng RTB para mabilis na makakuha ng Order of Possession nang hindi naririnig ng RTB ang bahagi ng iyong istorya.

Ang Order of Possession ay nagbibigay sa landlord ng karapatang kunin muli ang rental unit mula sa isang tenant. Hindi ito nagpapahintulot sa kanila na pisikal na tanggalin ang tenant o ang kanyang mga personal na kagamitan. Ang order (utos) na ito ay maaaring pansamantalang pigilan sa pamamagitan ng pag-apply para sa isang "Interim Stay of Proceedings".²

Hindi Binayarang Utilities

Kung ang landlord ay nagbigay ng nakasulat na abiso tungkol sa hindi binayarang utilities at pagkatapos ay naghintay nang 30 araw para makapagbayad ka, ang hindi binayarang utilities ay maaaring tratuhin bilang hindi-pagbayad ng renta at maaari itong magresulta sa isang 10-Day Eviction Notice.³



One-Month Eviction Notice for Cause



TENANT RESOURCE & ADVISORY CENTRE

Unit #150-900 Howe St
Vancouver, BC V6Z 2M4

1-800-665-1185
tenants.bc.ca

Ang **One Month Eviction Notices for Cause** ay karaniwang ibinibigay dahil ang mga tenant at/o ang kanilang mga bisita ay:

- Paulit-ulit na nahuhuli sa pagbayad ng renta.
- Nanggugulo nang walang katwiran o nagsasapanganib sa landlord o sa ibang mga okupante.
- Naninirahan kasama ng iba pang sobrang daming okupante.
- Hindi sumunod sa isang "material term" ng kasunduan sa tenancy at hindi pinansin ang isang nakasulat na babala.⁴
- Nag-sublet sa unit nang walang pahintulot ng landlord, at marami pang iba.⁵



Kung nakatanggap ka ng isang One-Month Notice at nais mong hamunin ang eviction:

Mayroon kang **10 araw** para mag-apply para sa isang RTB dispute resolution hearing kung hindi ka sumasang-ayon sa dahilan para sa eviction na nakapahayag sa One-Month Eviction notice.

Kung hindi mo hinamon ang One Month Notice sa RTB, ang iyong move-out date (petsa kung kailan dapat umalis sa unit) ay magiging kung ano ang nakasulat sa abiso.

Dapat ka bigyan ng iyong landlord ng isang buong buwang abiso.

Halimbawa: Kung nakatanggap ka ng One-Month Notice sa Marso 5 at pinili mong hindi hamunin ito, kailangan mong umalis pagdating nang Abril 30.

Kung hinamon mo ang One Month Notice sa RTB at ikaw ay natalo, ang RTB ang siyang magtatakda ng iyong move-out date.

Para sa Karagdagang Impormasyon

- 1 Ang tamang form para sa isang 10-Day Notice Eviction ay ang RTB-30 at ang tamang form para sa One-Month Notice Eviction ay ang RTB-33.
- 2 Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito at para sa proseso ng Judicial Review, bisitahin ang judicialreviewbc.ca
- 3 Tingnan ang Seksyon 46(6) ng Residential Tenancy Act (RTA).
- 4 Tingnan ang RTB Policy Guideline 8 para sa impormasyon tungkol sa material terms.
- 5 Tingnan ang Seksyon 47 ng RTA at ang RTB Policy Guideline 55 para sa buong listahan.



Ang TRAC ay tumatanggap ng patuloy na suporta mula sa: **Filipino**



Department of Justice
Canada

Ministère de la Justice
Canada

Ito'y pangkalahatang impormasyon na umaaplay sa British Columbia, Canada. Hindi magagarantiya ng TRAC na ito ang kasalukuyang bersiyon at na ito'y kompleto. Ang fact sheet na ito ay hindi dapat ituring na legal na payo para sa mga ispesipikong legal na problema. Gamitin sa sarili mong kapahamakan at konsultahin ang isang abogado kung kailangan mo ng legal na payo. V1 July, 2025.